

まんがでわかる



Tagalog

タガログ語版


# 製造業3分野の安全衛生

※ここでの製造業3分野とは、素形材産業、産業機械製造業、電気・電子情報関連産業のこと。

## Alamin sa Pamamagitan ng Manga Kaligtasan at Kalusugan sa 3 Fields ng Manufacturing

Ang tatlong fields ng manufacturing na tinutukoy dito ay forges and foundries manufacturing, industrial machinery manufacturing, at manufacturing na may kinalaman sa electric and electronic information.





Pag-aralan natin ang kaligtasan at kalusugan sa loob ng factory.



Kailangan nating pagtuunan ng pansin ang kaligtasan dahil tayo ang humahawak ng mabibigat na materyales at makinarya.

Oo nga.



Naiisip ko ang isang mahusay magtrabaho.


Ano kaya ang ginagawa niya?



Tignan muna natin ang mga maaaring sanhi ng aksidente sa trabaho!

Ok po!


Ito ang mga pangunahing sanhi ng aksidente sa trabaho.





**Hatian ng mga sanhi ng pagkamatay sa 3 Fields ng Manufacturing**

1	Pagka-ipit / Pagsabit	32 %
2	Pagtalon / Pagkahulog	13 %
3	Pagdulas	12 %
4	Pagkadapa / Pagbagsak	10 %
5	Maling galaw / Pilit na galaw	8 %
6	Pagkaputol / Pagkasira	8 %

Ang mga numerong ito ay kinompute mula sa mga fields sa ilalim ng forges and foundries manufacturing, industrial machinery manufacturing, at manufacturing na may kinalaman sa electric and electronic information mula sa Ministry of Health, Labour, and Welfare "Reports of Worker Casualties" (2009 to 2019)



Ang "pagka-ipit / pagsabit" ang bumubuo sa 1/3 ng mga sanhi.




Halimbawa, kapag hindi ka nakasuot ng protective gears, maaari kang madisgrasya kapag hinawakan mo ang makina.



May panganib din na masugatan sa balat o mata sa mga trabahong tulad ng welding.

Lagi palang may pangamba ng kapahamakan.



Iyan ang dahilan kung bakit kailangan ng protective gears.



May iba't ibang klase ng protective gear depende sa uri ng industriya at trabaho.




Magkakaroon lamang ito ng silbi kung isusuot ang mga ito sa tamang oras at lugar!

Mapanganib din na ipagpatuloy ang paggamit ng sirang makina o kagamitan, hindi po ba?




Tama ka.

Kapag may nakita kang kakaiba, i-report mo ito kaagad sa taong in-charge sa site.



Opo.

Ngayon naman



ang actual na lugar ng trabaho

ang tignan natin!



CASE1

Insidente ng pagsabit sa drilling machine

Pagsuot ng uniporme ayon sa patakaran.

Nag-goggles din.

Bawal ang pagsuot ng gloves.

Ito ang mga patakaran kapag magtatrabaho gamit ang drilling machine.

Ayokong masugutan, pero gusto ko sanang magsuot ng gloves para hindi madumihan ang kamay.

Ayan! Tapos na.

Uy!

Tulongan mo naman ako sa paglinis ng mga components kung free ka na.

Ok po!

Gamitin mo ito.

Para hindi malagyan ng cleaning agent ang kamay mo.

Tapos na ko sa paglilinis.

Pero napansin ko lang,



Ang dali gamitin ng gloves na ito.

Malaki lang ng konti pero manipis naman.

Mukhang pwede ko gamitin ito sa mga trabahong kailangan ng konsentrasyon.



Gagamitin ko ito bukas sa drilling machine!

Kinabukasan



Sabi na nga ba mas madali kapag naka-gloves.




Medyo malaki nga lang pero ayos lang basta nag-iingat.




Uy!



Po? Ano po iyon?



Ah! Patay!



Ahhhh!



Muntik na!



Anong ginagawa mo?

OFF!

on




Nung tumingin ako sa iba, sumabit ang gloves.

Bawal gumamit ng gloves dahil sumasabit iyan!

Patawad po...!

## Paalala sa Paggamit ng Makina

### No.1 | Mag-ingat sa pagsabit ng gloves!



May panganib na sumabit ang gloves kapag gumagamit ng makinang umiikot kaya iwasan natin ang pagsuot nito.

Bawal ang gloves!

### No. 2 | Patayin ang makina kapag iiwanan ito!



OFF

on

OFF



Kapag iiwanan ang makina o hihinto sa pagtatrabaho, patayin natin ang makina.

Mag-ingat tayo sa paggamit ng makinang umiikot!






CASE2

Insidente ng pagtama sa metalworking











# Paalala sa Metalworking

## No. 1 | Kapag may kakaibang napansin, i-report kaagad!



Kapag may napansing kakaiba sa makina, i-report kaagad ito sa taong in charge sa site.

## No. 2 | Safety First!










Higit sa mga produkto o bagay, unahin natin ang kaligtasan at kalusugan ng sarili at mga kasamahan.

Huwag ipasok ang kamay sa loob ng gumagalaw na makina!




**CASE3**  
**Insidente ng pagkadapa sa factory**






Ilang araw ang nakalipas



## Paalala sa Loob ng Factory

**No. 1** | Huwag tumakbo sa loob ng factory at mag-ingat sa mga sulok!




Huwag tumakbo sa loob ng factory o storage. Huminto sandali sa sulok o likuan, at tumingin sa dadaanan.

**No. 2** | Isuot ang sapatos ayon sa patakaran!



Huwag magsuot ng sapatos o slippers na upod na. Bawal din ang may mataas na takong.

**No. 3** | Mag-ingat sa dinadaan at iwasan ang madapa!






Mag-ingat sa sahig, sa mga basang lugar, baitang, electric cords, at sa mga parte ng cart o forklift na maaring nakaharang.

Mag-ingat tayo mabuti upang hindi madapa!



CASE4

Insidente ng pagtama sa grinder



Paumanhin po!  
Late na ako nagising.



Late ka na!

Naipon na  
ang trabaho!



Tayong dalawa ang dapat  
nagtatrabaho rito sa grinder.

May epekto sa susunod na  
proseso ang  
pagka-late mo!






Sorry po!






Bilisan mo at  
magpalit ka na!

Opo!







## Paalala sa Paggamit ng Tools

**No. 1** | Isuot ang uniporme at protective gears ayon sa patakaran.




Isuot natin ang uniporme at safety protective gears (protective goggles at mask) ng naaayon sa patakaran.

**No. 2** | Kumpirmahin kung may mapanganib na bagay sa paligid.



I-check kung mayroong solvents o mga bagay na maaring magdulot ng apoy sa paligid.

**No. 3** | Tignan mabuti hanggang lubos na tumigil na ang makinarya!



Tignan mabuti kung lubos na tumigil sa pag-ikot ang mga makinaryang tulad ng grinder pagkatapos ito patayin.




Mag-ingat sa paggamit ng grinder!











CASE 5

Aksidente dahil sa hindi tamang paggamit ng tools







Nakaka-pagod.

Ang daming nangyari ngayong araw.

Nataranta yata ako sa aksidente nung hapon.




女子更衣室  
Dressing room para sa babae

Kasalanan ko ito dahil hindi ko sinunod ang tamang paglinis ng solder.

Ok lang kaya ang mata niya...



Hello.



Ayos ka lang ba?

Wala naman daw epekto sa mata!

Pareho tayong mag-ingat.

Sorry.

## Paalala sa Paggamit ng Tools

### No. 1 | Bawal iwagayway ang soldering iron!

NG




OK




Mapanganib ang solder kaya bawal itong iwagayway.

### No. 2 | Ibalik ang soldering iron sa nakatakdang lugar, at huwag itapat sa sarili ang matulis na bahagi ng nipper.

NG



OK




Ibalik ang soldering iron sa nakatakdang lugar, at huwag itapat sa sarili ang matulis na bahagi ng nipper.

Mag-ingat sa paggamit ng tools!



CASE 6

Aksidente sa paglipat ng metal plate



Ito na!

カチカチ

Medyo mabigat ang metal plate

pero alam kong kaya ko ang trabaho na kailangan ng lakas.



カチカチ



Dalhin sa gawaan,

ガラガラ



ihilera...

カチカチ



Ano yun!

Hala!

Aray!



Oy! Anong nangyari? Na-aksidente ka?

Tumama ang braso ko sa metal plate at natumba ito...






Pero ayos lang!




Patayo mo kasi hinilera kaya ganyan!

Pahiga dapat ang mga bagay na mading matumba!


Opo! Mag-iingat na po sa susunod!






## Paalala sa Paglipat ng Metal Plate

**No. 1** | Lusot ang protective gear ayon sa patakaran!




Isuot ang gloves at safety shoes ayon sa itinakdang paraan.

**No. 2** | Bawal itupi ang mangas ng uniporme!




Kapag nagtatrabaho, isuot ng tama ang uniporme at huwag itupi ang manggas.

**No. 3** | Bawal ang patayong paglagay ng metal plates!






Kapag patayong hinilera ang mga metal plates, may panganib na matumba ito. Ihilera ito ng nakahiga.



Mag-ingat sa pag-handle ng metal plates!





CASE 7

Paso o Sunog dahil sa Welding











## Paalala sa Welding


### No. 1 | Mag-ingat sa paghawak ng kaka-welding pa lang!



### No. 2 | I-check ang paligid bago magtrabaho.



Mag-ingat sa pasong apoy kapag nagwe-welding!



CASE 8

# Aksidente kapag nagkaroon ng problema sa makinarya




Lilinisin ko ang component sa machine na panglinis

Ipasok ang lalagyan kung nasaan ang component.

OFF

ON

Start!



Ilang saglit lang ay malinis na ito!


Ok, next na!  
Tuloy tuloy na ito!




Ilang minuto ang nakalipas

Ano kayang nangyari?

Tapos na dapat ang cleaning pero bakit hindi pa lumalabas?




Papatayin ko muna ang kuryente.



Ano kaya ang dahilan?



Ah!





Gets ko na!

May naipit na tela sa cog kaya ayaw lumabas!



Hilahin ko na lang para matanggal.






Aray ko!



Oy!  
Anong nangyari?




Nagwe-welding ako  
ng nut...




Hoy!  
Anong nangyari?

Sorry po!




May sugat ka!  
Gamutin mo agad!

Ahhh!




Ano naman  
ngayon?



Ay?  
Wala sa lugar  
ang nut.

Kailangan kong  
ipirmi sa pwesto.




## Paalala kapag may kakaiba sa makinarya

### No. 1 | Huwag ayusin mag-isa, i-report kaagad!


Kapag may kakaiba sa makinarya, huwag itong ayusin mag-isa. Ipaalam kaagad sa pinuno ng site.



### No. 2 | I-off ang kuryente kapag nagkaroon ng problema sa makinarya!



Kapag nagkaroon ng problema sa makinarya, i-off ang kuryente, tumawag ng tulong, at maghintay!






Nako po...



Ngayon alam niyo na na maraming panganib ang maaring mangyari?



Parang katulad ng isa sa inyo ang bida sa istorya.

Huh? May sinabi po ba kayo?



Importante ang awareness at pagsunod ng bawat isa sa patakaran para sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho.

At higit sa lahat...



Ang aksidente sa trabaho ay maaaring mangyari sa bawat isa.

Tandaan niyo na ang pagsunod sa patakaran ay paraan para protektahan ang inyong "sarili", "pamilya", at "kabuhayan".



Kung mayroon mang mangyayari,

importante ang komunikasyon sa site sa bawat araw.



Sige po!

Mag-iingat ako mula sa aksidente sa trabaho at gagalingan ko araw araw!

Go'nga

# Mag-ingat din tayo sa mga ito! Mga paalala para sa kaligtasan at kalusugan!

Sundin mabuti ang patakaran at protektahan ang sarili mula sa aksidente sa trabaho!



## 1 | Mag-ingat sa hindi maayos na uniporme!



Huwag itupi ang mangas o magsuot ng accessories dahil mapanganib ito sa trabaho.



May panganib na sumabit ang mahabang buhok kaya itali ito at ipasok sa loob ng cap.

## 3 | Sundin ang tamang proseso sa trabaho!



Gawin ang proseso ng trabaho ayon sa patakaran. Huwag ito baguhin o gawan ng shortcut.



Isagawa ang 4s (sort, set in order, shine, standarize) sa site o sa daanan.

## 2 | Sundin ang patakaran sa pagsuot ng protective gears!



Isuot ang mga protective gears ayon sa patakaran at siguraduhing pantay ito at nakasuot mabuti.




Humingi ng bagong protective gear kapag may sira, defect, o dumi na ito.

## 4 | Iwasan ang pabayang kilos!



Huwag mag-cellphone habang naglalakad dahil mapanganib ito.



Huwag lumapit sa crane na may dalang mga bagay.



Alamin sa Pamamagitan ng Manga

## **Kaligtasan at Kalusugan sa 3 Fields ng Manufacturing**

---

Published March 2020

Publisher: Ministry of Health, Labour, and Welfare

Plan: Mizuho Information & Research Institute

Supervision: Labor Safety and Health Educational Materials Promotion  
Board, Safety Educational Materials Creation Working involved in the  
3 Fields of Manufacturing

Production: Sideranch Inc.

---

Kapag may katanungan ukol sa materyal na ito:  
Ministry of Health, Labour, and Welfare, Labour Standards  
Bureau, Safety and Health Department, Safety Section